
# SOBRANG LAKI, MALAKI, KATAMTAMAN O MALIIT

A Lord's Flock General Assembly Topic
Enero 25, 2025
Ni: Sis Techie M. Rodriguez

Ang mga kuwento sa Bibliya tulad ng butil ng mustasa, ng maliit na batang lalaking pastol (David) na tumalo sa higante (Goliath), at ng dalawang kusing na handog ng babaing balo, ay nagdulot ng kagalakan sa Diyos nang ang mga "dakilang bagay" ay mula sa "maliliit na bagay." Madali Niyang gawin ang anumang MALIIT na maging SOBRANG LAKI! Sa Diyos, hindi mahalaga ang sukat.



**1. Huwag hamakin ang maliliit na pinagmulan**. Huwag nating hamakin ang gawaing naitalaga ng Diyos sa atin at isiping walang halaga ang mga ito (Zac4:10). Nagsimula si Nehemia bilang "tagahatid ng kopa" at naging "dakilang pinuno." Kung tayo'y tapat, masunurin, at kayang gawing malaki ang maliit na bagay, gagawin Niya itong napakalaki.

**2. Huwag kutyahin ang mga plano ng Diyos.** Ang plano ng Diyos kay Nehemia ay "muling itayo ang nasirang pader ng Jerusalem." Sa kabila ng pagsalungat at panunuya, si Nehemia ay nagdasal (1 Tessa.5:17). Patuloy nilang itinayo ang pader hanggang ito'y natapos. Huwag tayong mag-alinlangan sa plano ng Diyos. Hindi mabibigo ang Kanyang mga plano at tiyak na mangyayari sa takdang panahon (Hab. 2:3).

**3. Huwag kasuklaman ang maliliit na bagay.** Ginamit ng Diyos ang sanggol na si Moses upang iligtas ang mga Israelita mula sa Ehipto. Ibinigay Niya ang Sanggol na si Hesus upang iligtas ang sanlibutan sa kasalanan.

**4. Huwag ipagwalang bahala ang maliliit na bagay**. Maaaring magka-ugat ang maliliit na bagay, tulad ng butil ng mustasa na lumalago hanggang 10 talampakan, at pamumugaran ng mga ibon. Sinimulan ni Hesus ang Kanyang ministeryo sa iilang tagasunod at naitayo ang kaharian ng Diyos. Nagsimula Siya sa 12 alagad, naging 72 hanggang naging 3,000 at lumago ng lumago. Bawat taga-sunod ay bahagi ng kaharian ng Diyos. Tuwing ibinabahagi natin si Hesus, pinapalago natin ang Kanyang kaharian. Ang isa ay magiging isang libo.

**5. Huwag tingnan gaano kadami.** Sa Juan 6, sinubok ni Hesus ang pananalig ni Felipe. Tinignan ni Felipe ang dami ng tao, nakita ang laki ng problema at nag-alinlangan. Nakalimutan niya kung sino si Hesus. Himalang napakain ni Hesus ang 5,000 tao ng 5 tinapay at 2 isda. Kung binigyan tayo ng gawain, agad-agad natin itong gawin.

**6. Ang maliit na butas ay maaaring mapanganib.** Ang maliit na kasalanan ay maaaring pagkakataon para kay Satanas na salakayin tayo. Huwag natin siyang bigyan ng pagkakataon (Efe 4:27). "Mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, baka siya mabuwal (1 Cor. 10:12)."

**7. Sa maliit na bagay kayang baguhin ng Diyos ang ating buhay.** Ginamit ng Diyos ang maliit na bagay, tandang, upang matanto ni Pedro ang kanyang kasalanan. Maaaring "sermon" ang maging daan para mabago ang ating buhay, o patotoo na makita ang liwanag. Gumagamit din ang Diyos ng awit upang tumibay ang ating pananalig. Kaya, makagagawa ang Diyos ng sobrang laking bagay mula sa maliit na bagay.

**8. Mahalaga ang maliliit na bagay.** Ang Diyos ay laging gumagamit ng maliliit at hindi gaanong mahahalagang bagay. Ang pagsunod sa Kanya sa maliliit na bagay ay mahalaga. Ang mga biyaya ni Abraham ay dahil sa kanyang pagsunod sa Diyos (Gen.12:1-3).

**9. Ang katapatan sa maliliit na bagay ay nagiging daan sa malalaking pagpapala.** Ang mga Kristiyanong hindi mapagkakatiwalaan sa maliliit na tungkulin ay hindi rin mapagkakatiwalaan sa malaking tungkulin (Mateo 25:21). "Ang dati mong kayamanan ay maliit na di hamak kaysa Kanyang ibibigay (Job 8:7)."

**Konklusyon:** Manatili tayong tapat at masunurin sa Diyos. Tiyak na ang ating maliliit na bagay ay kaya Niyang gawing malaki para sa Kanyang kaluwalhatian.

**Pagninilay:** 1. Paano naging malaking pagkakataon ang pagtanggap mo ng maliliit na tungkulin? 2. May natatandaan ka bang tulong na iyong nagawa na nagdulot ng malaking pagbabago?


**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Sis Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Katapatan; #Pagsunod; #MaliitNaPanimula